Philippine Normal University

# PAGSUSURI NG ILANG PILING DULANG GAY TUNGO SA ISANG EKLEKTIKONG MODELO

Isang Disertasyong Iniharap
Sa Kaguruan ng Kolehiyong Gradwado
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Maynila

Bilang Bahagi ng Pangangailangan
Sa Degri ng Doktor sa Pilosofiya
sa Filipino

JOSE ASIADO ARROGANTE

Nobyembre, 2005

FEB 1 0 2006

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

Philippine Normal University

## ABSTRAK


Pangalan: JOSE "Joey" A. ARROGANTE

Pamagat ng Disertasyon: PAGSUSURI NG ILANG PILING DULANG GAY TUNGO SA ISANG EKLEKTIKONG MODELO

Espesyalisasyon: Ph. D. sa Filipino

Petsa ng Pasalitang Pagsusulit: Nobyembre 30, 2005

Advayser: Venancio L. Mendiola, Ph.D.

Ko-Advayser: Lydia B. Liwanag, Ph.D.

Mga Panelist/Eksaminer:

Arsenia R. Emperado, Ph.D.

Ma. Antoinette C. Montealegre, Ph.D.

Jose Dakila N. Espiritu, Ph.D.

A. Mga Layunin ng Pag-aaral

Pangkalahatang nilalayon ng pag-aaral na ito ang makapagsuri ng mga dula na may kinalaman sa mga *gay*.

Mga Tiyak na Layunin

Isinasaalang-alang dito ang mga sumusunod:

1. maklasifikang gay ang mga dula ayon sa mga itinakdang batayan
2. masuri ang mga napiling dula ayon sa istruktura:
   a. tagpuan
   b. tauhan
   c. dramatikong aksyon
   d. diyalogo
   e. kahulugan o tema
3. mailarawan ang mga sosyo-kultural na aspekto ng mga dula
4. matukoy at mailarawan ang mga varayti ng wika na ginamit ng mga awtor.
5. makabuo ng isang eklektikong modelo sa pagsusuri ng mga dulang gay.

B. Pamaraan ng Pananaliksik

Deskriptibong metodo ang iniangkop na pamaraan sa pag-aaral ng fenomenong gay sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang piling dulang gay. Sa malaya at mahayang interpretatibong katangian ng pamaraang ito malawak na nasiyasat ang iba't ibang itinakdang aspektong sinaklaw sa pagsusuri gaya sa pagpili at pagklasifika sa mga dula batay sa pinayamang kraytirya ni Garcia (1996), sa istruktura ng dula na ibinatay sa pinayamang modelo ni Hodge (1982) sapagkat inilangkap dito ang mga formalistikong klasikong kosepto ni Aristotle (4 c. B.C.) at neoklasikong formulasyon ni Gustave Freytag (1863) na binuo ng mga elemento ng tagpuan, tauhan, banghay, na ginaygay sa pamamagitan ng trianggulo ni Freytag na binubuo ng eksposisyon, komplikasyon, klaymaks, *denouement* o kakalasan, at katastrofi; diyalogo at kahulugan, sa mga sosyo-kultural na aspekto ng mga ito na ibinatay naman sa mga konsepto at paniniwala nina Money (1988), Firth (Hymes 1991), Crane (1992), Easthope (1991), at Culler (1997), at sa mga varayti ng wika na ginamit ng mga awtor na ibinatay naman sa mga konsepto ni Zorc (1991 sa Bautista 1996), sa gayon, makabuo ng isang eklektikong modelo na magagamit sa pagsusuri ng dula sa pangkalahatan, at sa mga dulang gay sa partikular.

Sa pagpili ng mga dulang gay na susuriin, ginamit ng mananaliksik ang mga itinatagubiling kraytirya ni Garcia (1996) na:

1. Ladlad na gay ang may-akda.
2. Tumatalakay ang mga akda sa lahat ng varayti ng gay.
3. Tahasang positibo ang sabjek-posisyon sa materyal sa pagkilala sa kabaklaan at homosekswalidad.
4. May tensyon sa paghahayag ng sitwasyon dahil hinahadlangan ng familya, ng paaralan, ng media, at ng relihiyon ang katapatan sa sarili at sa lipunan ang tauhan.
5. Hindi lamang sarili ang nirerepresenta kundi ang buong komunidad.

Sa pagsusuri ng mga dula ang mga sumusunod na hakbangin ang tinunton: 1) pagsinsing-basa sa mga teksto, 2) pagkukonsiderang-basa sa mga kaligirang kabatiran –bayografikal, historikal, kultural, at iba pang bagay na may kaugnayan sa teksto, 3) pag-unawa sa mga eksternal na kahulugan ng mga teksto, at 4) pagdidesisyon sa mga kritikal na pagdulog na pagsasaligan sa pagsusuri ng kaayusan at kalamnan ng mga dula.

Batay sa pagsusuri ng mga dula nalikha ang instrumento ng validasyon at ito ay ipinataya at pinaaprobahan muna sa limang dalubhasang bumubuo sa Lupon ng Validasyon ng Instrumento bago ipinagamit sa Lupon ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula na kinategorya sa apat na preokupasyon: 1) tatlong guro 2) tatlong dramatista, 3) tatlong direktor, at 4) tatlong mag-aaral.

Itinuturing na angkop na kritikong miyembro ng Lupon ng Tagasuri ang mga sumusunod na katangian o kwalifikasyon:

1. maalam sa mga teoryang pangkritisismong pampanitikan sa pangkalahatan, at sa mga teoryang pang-*gender* sa partikular;
2. maalam sa genre ng dula, sa pagkakabuo nito at sa pamamaraan ng efektibong pagsulat nito;
3. nagtuturo ng Literatura at Wika sa Filipino o sa Ingles man sa antas tersyarya sa mga piling pangunahing universidad, pribado man o publiko;
4. mag-aaral na nagmimedyor ng Literatura at Wika sa Filipino o sa Ingles.

Sanhi ng mga ito, develop na sa kanilang pagkatao ang mga sumusunod na kakayahan: 1) matalino at mapanlasang mangilatis, 2) balanseng pagkukuro, at 3) matatag, tumpak, malinaw, at tiyak na pagpapasya.

Ang validasyon ng lupon sa pagsusuri ng mga dula ay ipinatupad gamit ang inaprovahang instrumentong pampagsusuri. May apat na pangkalahatang bahagi ang instrumento: 1) Pagsusuring Pangklasifikasyong *Gay* 2) Pagsusuri sa Istruktura ng Dula: a. kalagayan ng tagpuan, b. kalagayan ng tauhan, c. kalagayan ng banghay, d. kalagayan ng diyalogo, at e. kalagayan ng kahulugan o tema; 3) Pagsusuri ng Aspektong Sosyo-kultural, at 4) Pagsusuri sa Aspektong Varayti ng Wika na Ginamit ng mga Awtor.

C. Mga Natuklasan sa Pag-aaral

Mahahalagang natuklasan sa pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Sa ginawang pagsusuri sa anim na piling dula, ipinakita ang pagkakaiba-iba sa anyo ng bawat isa. Gayunpaman, nagkakatulad ang karamihan sa kaayusang formalistiko na nagsisimula sa eksposisyon ng mga tauhan at tagpuan, maliban sa *"Around The World"* na sa katapusan na tinukoy ang tagpuan, nagkaroon ng komplikasyong nauuwi sa

kasukdulan, bababa ang aksyon sa kakalasan, at nagwawakas sa katastrofi, maliban sa *"Dalawang Hangal"* at sa *"Si Ralph At Si Claudia"* sapagkat parehong nagtapos nang masaya.

2. Ipinakita naman sa sosyo-kultural na aspekto ng pagsusuri ang iba't ibang varayti ng gay – *gaynemimetik, transvestayt, baysekswal, homofayl--Spartan o macho gay o silahis, at Athenian gay, at transekswal* – sa kani-kanyang perversyong sekswal o *paraphilia* tulad sa insesto, eksibisyunismo, sadomasokismo, voyeurismo, pedofilya, awtasasinofilya, erotofonofilya, atb.
3. Tahasan o papahiwatig ding ipinakita sa mga ito ang pangingibabaw ng homofobikong seksistang lipunang kinabibilangan ng mga tauhan kung saan umiiral ang heteroseksistang patriarkal na sistema, kaya naman namayani ang eksploytasyon, at pang-aabuso gaya ng fisikal na panghaharas, pambubugbog, pagdaluhong, at panghahalay; gayundin, ang imvisibilidad o pagtatago ng kabaklaan at pagpapakamatay.
4. Karaniwan na rin ang pagtrato sa mga ladlad na ***gay*** bilang istereotipo na laging napapailalim sa kagahuman o pagdudomina ng kalalakihan.
5. Naglalarawan ang karamihan sa mga sinuring piling dulang *gay* ng disfangksyunal na familya, pagpapatahimik ng mga isyung ***gay*** sa mga institusyong tulad ng paaralan, media at lipunan sa pangkalahatan, gayundin, ng hipokrisiya ng simbahan.
6. Napatunayan sa lahat ng dulang ***gay*** na pinag-aralan, ang *"Dalawang Hangal"* ni Ilagan, ang *"Gising ... Kung Mahimbing Ang Puso"* ni Fernandez, ang *"Around The World"* ni Kabristante, at ang *"Si Ralph At Si Claudia"* ni Vera ang pinaka-***gay*** dahil sa lantarang kabaklaang tema ng mga ito, sa gamit ng wika, at sa paglalarawan ng mga tauhan.
7. Kasalungat namang napatunayan na ang *"K-31"* ni Perez at ang *"Kumbersasyon"* ni Villanueva ang pinakakontrolado, kung hindi man pino, sa pagpipresenta ng mga karanasan at suliraning ***gay,*** malihim na paggamit ng wika at paglalarawan ng mga tauhan.
8. Sa aspekto naman ng varayti ng wika, ipinapakita ang paggamit ng iba't ibang varayti gaya sa Kastila-Tagalog, Pilipino-Ingles, Tagalog, at Filipino sa kabuuan.

9. Bilang isang pagsasalamin sa mga panahon, gumamit ang mga dramatista ng pagpapalit-koda, panghihiram, pagsasakultura, at iba pang mga panlinggwistikang kasangkapan tulad sa paglalarong-salita, sinonimi o pagsisingkahulugan, paglumanay o eufemismo, at *taboo,* kung hindi man vulgarismo, sa mga piniling dula para maiangkop sa paglalarawan ng mga tauhan.
10. Gayundin, gumamit sila ng iba't ibang rejister: *gay lingo,* pang-akademiko, rehiyonal o kultural, anti-linggwahe, teknikal, at sayantifik.
11. Umaayon sa panahon ng pagkakasulat ng mga piling dula ang mga varayti at rejister ng wikang ginamit ng mga dramatista, at madali ang mga itong maunawaan.
12. Naiiba ang mga dulang ***gay*** sa ibang natatanging dula sa Literaturang Filipino sa pamamagitan ng matinding paglalarawan sa mga sikolohikal na nararanasang paghihirap ng mga tauhan, sa mga sekswal o erotikong tema na nagpapakita ng mga kontemporaryong *mores* o kaugalian/ kaasalang pangmoralidad at mga pagbabagong pamvaiyu ng panahon, at sa mga varyasyong panlinggwistikang karaniwang ginagamit ng isang partikular na grupo o sektor, at sa mga efekto ng mga problemang pang-ekonomiya sa mga kalakarang pamfamilya, gayundin, ng mga kauniarang panteknolohiya at pansiyensya.

IV. PAGLALAGOM

Klinasifika ang mga piniling dula bilang mga dulang ***gay*** sa pamamagitan ng instrumentong ginamit. Sa paggamit ng mga teoryang iminungkahi nina Garcia (1996), Hodge (1982), Money (1988), Firth (1991), Crane (1992), Easthope (1991), Culler (1997), at Zorc (1991) na naglaan ang mga pagsusuri ng isang eklektikong modelo sa pagsusuri ng mga dula sa pangkalahatan at ng mga dulang ***gay*** sa partikular. Pinatutunayan ang kabisaan ng instrumento ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagkakasundo ng mga tagasuri sa antas ng kanilang interpretasyon sa anim na dula sa mga aspektong istruktural, sosyo-kultural, at varayti ng wika.

D. Rekomendasyon

Ilan sa mga rekomendasyong iminumungkahi sa pag-aaral na ito ay ang sumusunod:

1. Gamiting panukatan sa pagtuturo ng pagsusuri ng dula sa pangkalahatan, at sa mga dulang *gay* sa partikular ang modelo.
2. Isama sa pangkalahatang kurikulum ang asignaturang *"Mga Isyu at Problemang Pang-gender"*.
3. Isama ang mga dulang pinag-aralan sa mga antolohiya ng Literaturang Filipino para mapag-aralan.
4. Magsagawa ng bibliografikal na talaan ng mga literaturang ***gay***.
5. Paghambingin sa aspektong sosyo-kultural ang kalagayan ng mga Pilipinong gay at lesbian sa literaturang Filipino.
6. Paghambingin ang mga dayuhan at Pilipinong dulang ***gay*** o iba pang genre ng literaturang ***gay***.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Philippine Normal University


## ABSTRACT

Name: JOSE A. ARROGANTE

Title of Dissertation: ANALYSIS OF SELECTED GAY PLAYS GEARED TOWARD AN ECLECTIC MODEL

Specialization: Ph. D. in FILIPINO

Date of Oral Defense: November 30, 2005

Adviser: Venancio L. Mendiola, Ph.D.

Co-Adviser: Lydia B. Liwanag, Ph.D.

Panelists/Examiners:

Arsenia R. Emperado, Ph.D.

Ma. Antoinette C. Montealegre, Ph.D.

Jose Dakila N. Espiritu, Ph.D.

I. OBJECTIVES OF THE STUDY

The general objective of the study was to analyze plays related to gays.

Specific Objectives: The study sought to:

1. classify what makes the plays **gay** following definite criteria
2. analyze the chosen plays according to structure: a) setting, b) characters, c) dramatic action, d) dialogue, e) theme
3. describe socio-cultural aspect reflected in the plays
4. identify and describe the variety of language used by the authors
5. develop an eclectic model in analyzing gay plays

II. RESEARCH METHODOLOGY

The researcher used the descriptive method in the study of the gay phenomenon in analyzing the selected gay plays. In the free and extensive interpretative characteristic of this method, the researcher was able to widely investigate the different aspects designed to be included in the analysis like the selection and classification of the plays based on enriched criteria of Garcia (1996), structure of the play based on the enriched model of Hodge (1982), while incorporating the classical formalistic concept of Aristotle (4 c.B.C.) and the neoclassical notion of Gustave Freytag (1863) which consist of the elements

of setting, characters, plot, dialogue and theme. Their socio-cultural aspects based on Money's (1988), Firth's (Hymes 1991), Crane's (1992), Easthope's (1991) and Culler's (1997) concepts and beliefs, as well as the variety of language used by the selected playwrights under study based on Zorc's (1991 in Bautista 1996) concepts. This led to the development of an eclectic model to be used in the analysis of plays in general and the gay plays in particular.

In the choice of the different gay plays, the researcher was guided by the following Garcia's (1996) criteria:

1. The author is an overt gay.
2. The works deal with or discuss all types of gays.
3. The subject-position of the material is directly positive in its view of gays and homosexuality.
4. There is tension in the presentation of the situation because there is disapproval or objection of family, school, media, or religion in the character's being true to himself and society.
5. It is not only the self that is represented but the whole community.

In analysing the selected plays, the researcher followed these procedures: 1) close reading of the text, 2) background reading – biographical, historical, cultural, and other matters pertinent to the text, 3) understanding of the external meaning of the text and the internal association of the context, 4) deciding and determining the critical approach to be the basis in the analysis of the order and essence of the plays.

Based on the analysis of the selected gay plays, a validation instrument was developed, then evaluated and approved first by five experts from the Committee on Validation of Instrument. The instrument was then used by twelve members that composed the Committee on Validation of the Analysis of the Plays, categorized into four: 1) 3 teachers, 2) 3 playwrights, 3) 3 directors, and 4) 3 students.

The members of the Committee on Analysis had the following qualifications:

1. knowledgeable on the critical literary theories in general and on gender theories in particular.
2. knowledgeable on the genre of drama or play, in its creative and effective construction;

3. teaches language and literature in Filipino or English in the tertiary level in distinguished colleges and universities, private or public;
4. a student majoring in Language and Literature in Filipino or English.

As a result of these, the instrument approved by the Committee on Analysis of the Plays was implemented. Such instrument was divided into four parts: 1) Gay Classification Analysis of the Six Plays, 2) Analysis of the Structure of the Play: a. position of the setting, b. position of the characters, c. position of the plot. d. position of the dialogue, and e. position of the theme; 3) Analysis of the Socio-cultural Aspect of the Play, and 4) Analysis of the Variety of Language Used by the Author.

III. FINDINGS OF THE STUDY

The more salient findings of the study include the following:

1. Although the analyzed six selected ***gay*** plays presented certain differences in form, they resembled each other in the formalistic order which begins from the exposition of the characters and setting, except with *"Around The World"* where the setting is shown at the end. There is the complication which leads to the climax; the action goes down at the denouement, and ends in the catastrophe, except in *"Dalawang Hangal"* and in *"Si Ralph At Si Claudia"* which end happily.
2. On the other hand, the socio-cultural aspect of the analysis shows the different kinds of ***gays*** – gaynemimetic, transvestite, bisexual, homophile – Spartan or macho gay or covert ***gay***, and Athenian gay, and transsexual -- in each sexual perversion or *paraphilia* as in incest, exhibitionism, sadomasochism, voyeurism, pedophilia, autassassinophilia, erotophonophilia, etc. are manifested.
3. Also, explicitly or implicitly presented here is the predominance of the homophobic sexist society composed of the characters whose heterosexist patriarchal system prevails, thus sexual discrimination, oppression, exploitation, abuse, harassment, and molestation rule.
4. Also commonplace is the treatment of overt **gays** as stereotypes, which are subservient to male hegemony or domination.

5. Most of the selected **gay** plays analyzed reflect the dysfunctional family, silencing of ***gay*** issues in such institutions as school, media, and society in general, and hypocricy of religion.
6. Of all the ***gay*** plays studied, Ilagan's *"Dalawang Hangal"*, Fernandez's *"Gising ....Kung Mahimbing Ang Puso"*, Kabristante's *"Around The World"*, and Vera's *"Si Ralph At Si Claudia"* proved the most gay because of its openness in their theme, use of language, and character delineation.
7. Contrastingly, Perez's *"K-31"* and Villanueva's *"Kumbersasyon"* proved the most *'tamed'*, if not subtle, in presenting the **gay** dilemma, obscure use of language and character portrayal.
8. Moreover, in the aspect of variety of language are presented the varieties of language used: Spanish-Tagalog, Pilipino-English, Tagalog, and Filipino as a whole.
9. As a reflection of the times, the characters in the selcted **gay** plays resort to the use of code-switching, borrowing, cultural words and other linguistic devices as pun, synonymy, euphemism, taboo, if not vulgarism.
10. Also, their use of different registers: *gay lingo,* academic, regional or cultural, anti-language, technical, and scientific.
11. The language variety and different registers used are in accordance with the period or era the plays were written, and they are easy to understand.
12. The **gay** plays in Filipino Literature differ from other distinctive plays in terms of depicting psychologically tormented characters, sexually (erotic themes) indicative of contemporary mores and changing values of the times, linguistic variations commonly used by a particular group or sector, and effect of economic problems on family affairs as well as technological/scientific progress.

IV. SUMMARY

The different selected plays were classified as **gay** plays based on the instrument used. Using the theories proposed by Garcia (1996), Hodge (1982), Money (1988), Firth (1991), Crane (1992), Easthope (1991), and Culler (1997), the analyses provided an eclectic model in the analysis of plays in general and **gay** plays in particular. The consensus among the analysts in interpreting the six plays along structural

nature, socio-cultural aspects, and variety of language proved the effectiveness of the instrument used in the study.

## V. RECOMMENDATIONS

In the light of the findings and summary cited above, the study recommends that:

1. the developed model be used as the basis for teaching, analysis of plays in general, and **gay** plays in particular;
2. the subject *Mga Isyu at Problemang Pang-gender* (Gender Issues and Problems) be included in the general curriculum;
3. a biographical listing of **gay** literature in the other major genre (short story, novel, poetry, essay) be made;
4. the studied **gay** plays be included in all Philippine Literature anthologies;
5. a comparison and contrast in the socio-cultural aspect of the situation of Pilipino **gays** and lesbians in Philippine Literature be done; and
6. a comparison and contrast of the foreign and Pilipino **gay** plays (or other genre of **gay** literature) be studied.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Philippine Normal University

**Talaan ng mga Nilalaman**


| | Pahina |
|---|---|
| Pahina ng Pamagat | i |
| Pahina ng Pagpapatibay | ii |
| Pag-aalay | iii |
| Pagkilala at Pasasalamat | iv-vii |
| Abstrak | viii-xiii |
| Abstract | xiv-xviii |
| Talaan ng mga Nilalaman | xix-xxiv |
| **Kabanata I – Ang Suliranin at ang Sanligan Nito** | 1 |
| Panimula | 1-8 |
| Teoritikal na Batayan | 8 |
| Batayang Kraytirya sa Pagpili ng Dulang **Gay** | 9 |
| Teorya sa Pagsusuri ng Dula | 10 |
| Teorya sa Istruktural na Pagsusuri | 10-16 |
| Teorya sa Sosyo-Kultural na Pagsusuri | 17-20 |
| Kritisismong Pang-*gender* | 20-21 |
| Teorya sa Pagsusuri ng Varayti ng Wika | 21-22 |
| Konseptwal na Balangkas | 23 |
| Teoritikal na Balangkas | 24-26 |
| Layunin ng Pag-aaral | 27 |
| A. Pangkalahatang Layunin | 27 |
| B. Mga Tiyak na Layunin | 27 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 27 |
| Pang-Akademya | 27 |
| Pangkalahatang Komunidad ng mga **Gay** | 28 |
| Pangkalahatang Kababaihan | 29 |
| Pangkalahatang Anak | 30 |
| Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral | 30 |
| Definisyon ng mga Termino | 31 |
| **Kabanata II – Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral** | 39 |
| A. Mga Konseptwal na Literatura | 39 |
| Sa Literaturang **Gay** | 39-41 |
| Ang Kalagayang Homosekswal | 41-42 |
| Bilang Intermidyang Kasarian | 42-43 |
| Bilang Inversyong Sekswal | 44 |
| Transekswalidad at Baysekswalidad | 45 |
| Transvestismo o Kros-Dreser | 46 |
| Kaligirang Kasaysayan ng Panitikang **Gay** | 47 |
| Sa Ibang Bansa | 47-48 |
| Sa Pilipinas | 49 |
| Panahon ng mga Katutubo | 49 |
| Panahon ng mga Kastila | 50-51 |
| Panahon ng mga Amerikano | 52 |
| Panahon ng Hapon | 52 |
| Panahon Pagkatapos ng Giyera | 53-57 |
| Ang Unang Pakikibaka Para sa Liberasyong **Gay** | 57 |
| Ang Kauna-unahang *Gay Pride March* sa Pilipinas | 57-60 |
| Sa Panunuring Pampanitikan ng Dula | 60-68 |
| Ang Dula Bilang Proseso ng Komunikasyon | 68-71 |
| Pagsusuring Pandiskurso | 71-78 |

Philippine Normal University


Pagtukoy sa Varayti ng Wika 79-85
B. Mga Lokal na Pag-aaral 86-100

**Kabanata III – Metodolohiya** 101
Disenyo ng Pananaliksik 101-102
Mga Hakbang na Ginawa sa Pag-aaral 103
Pangangalap ng Materyal 103-105
Pagpili ng mga Dula 105-107
Pagsusuri ng Dula 107
Pagsasagawa ng Validasyon 108
Pagbuo ng Eklektikong Modelo ng Pagsusuri ng Dulang ***Gay*** 108
Instrumento ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula 109
Paglalahad sa Pagbuo ng Instrumento ng Validasyon 110
Pagvavalideyt sa Instrumento ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula 111-11
Ang Inaprovahang Instrumento ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula 114-120
Pagbuo ng Lupon ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula 120
Paggamit ng Instrumento ng Lupon ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula 121
Ang Paglikom ng mga Talasagutan 121
Pagtrato ng mga Datos 122
Pag-iinterpreta ng mga *Average Rating* ng Respondent 123

**Kabanata IV – Pagsusuri, Interpretasyon at Paglalahad ng mga Datos** 124-125
4.1 Pagpili ng Dula Ayon sa Batayan ni Garcia 125
4.1.1 Ladlad na **gay** ang may-akda. 125-127
4.1.2 Tumatalakay ang mga akda sa mga varayti ng **gay.** 127-129
4.1.3 Tahasang positibo ang sabjek-posisyon sa materyal sa pagkilala sa kabaklaan at homosekswalidad. 129-132
4.1.4 May tensyon sa paglalahad ng sitwasyon dahil hinahadlangan ng familya, ng paaralan, ng medya, at ng relihiyon ang katapatan sa sarili at sa lipunan ang tauhan. 132-134
4.1.4.1 Familya 134-135
4.1.4.2 Paaralan 135-137
4.1.4.3 Media 137-141
4.1.4.4 Relihiyon 141-143
4.1.5 Hindi lamang sarili ang nirerepresenta kundi ang buong komunidad. 143-144
4.2 Pagsusuri ng mga Dula 144
4.2.1 Pagsusuri sa Aspektong Istruktura ng Dula 145
4.2.2 Pagsusuri sa Aspektong Sosyo-Kultural 146
4.2.3 Pagsusuri sa Aspektong Varayti ng Wika 147
4.2.3.1 Pagpapalit-Koda o *Code Switching* 147
4.2.3.2 Panghihiram o Pagsasa-Filipino 148
4.2.3.3 Pagsasakultura o *Cultural Words* 149
4.2.3.4 Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panliggwistika 150-152

4.3 Individwal na Pagsusuri ng mga Dula 152
A. *"Dalawang Hangal"* (1904)
Hermogenes Ilagan 152
1. Buod 152
Nakaraan 152
Kasalukuyan 153

2. Pagpili sa Dula 154
   a. Klasifikasyong **Gay** 154
      1. Awtor 154-159
      2. Varayti ng ***Gay*** 160-161
      3. Sabjek-Posisyon 162-168
      4. Tensyon sa Paghahayag ng Sitwasyon 168-172
      5. Representasyon ng Komunidad 172-175
3. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Istruktura 175-201
4. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural 201-207
5. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika 207-210
   a. Pagpapalit-Koda 210-212
   b. Panghihiram 212-214
   c. Pagsasakultura 214-215
   d. Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panlinggwistika 215-217

B. "*K-31*" (1971)
Tony Perez 217
1. Buod 217
   Nakaraan 217-219
   Kasalukuyan 219
2. Pagpili sa Dula 219
   a. Klasifikasyong **Gay** 219-221
      1. Awtor 219-221
      2. Varayti ng ***Gay*** 222-223
      3. Sabjek-Posisyon 224-227
      4. Tensyon sa Paghahayag ng Sitwasyon 227-234
      5. Representasyon ng Komunidad 234-236
3. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Istruktura 236-264
4. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural 264-271
5. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika 271-273
   a. Pagpapalit-Koda 273
   b. Panghihiram 274-277
   c. Pagsasakultura
   d. Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panlinggwistika 277-279

C. "*Kumbersasyon*" (1980)
Rene O. Villanueva 279
1. Buod 279
   Nakaraan 279-281
   Kasalukuyan 281
2. Pagpili sa Dula 281
   a. Klasifikasyong **Gay** 281
      1. Awtor 281-284
      2. Varayti ng ***Gay*** 284-285
      3. Sabjek-Posisyon 286-291
      4. Tensyon sa Paghahayag ng Sitwasyon 291-312
      5. Representasyon ng Komunidad 312-314
3. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Istruktura 314-337
4. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural 337-345
5. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika 345-346
   a. Pagpapalit-Koda 346-351
   b. Panghihiram 347-351
   c. Pagsasakultura 351


EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
Dasmariñas, Cavite, Philippines • Since 1977 •

d. Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panlinggwistika 351-353

D. *"Gising... Kung Mahimbing Ang Puso"* (1987)
Rustico Jhune Cristobal Fernandez, Jr. 353
1. Buod 353
Nakaraan 353
Kasalukuyan 353
2. Pagpili sa Dula 354
a. Klasifikasyong **Gay** 354
1. Awtor 354-355
2. Varayti ng ***Gay*** 355-359
3. Sabjek-Posisyon 359-364
4. Tensyon sa Paghahayag ng Sitwasyon 364-367
5. Representasyon ng Komunidad 367-369
3. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Istruktura 369-381
4. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural 381-389
5. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika 389
a. Pagpapalit-Koda 390
b. Panghihiram 390
c. Pagsasakultura 391
d. Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panlinggwistika 391

E. *"Around The World"* (1994)
George Vail Kabristante 392
1. Buod 392-393
Nakaraan 393-395
Kasalukuyan 395
2. Pagpili sa Dula 395
a. Klasifikasyong **Gay** 395
1. Awtor 395
2. Varayti ng ***Gay*** 396-398
3. Sabjek-Posisyon 398-403
4. Tensyon sa Paghahayag ng Sitwasyon 403-413
5. Representasyon ng Komunidad 413-415
3. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Istruktura 415-435
4. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural 435-440
5. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika 440-441
a. Pagpapalit-Koda 441-443
b. Panghihiram 443-451
c. Pagsasakultura 451-451
d. Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panlinggwistika 451-454

F. *"Si Ralph At Si Claudia"* (1996)
Rody Vera 454
1. Buod 454
Nakaraan 454
Kasalukuyan 455-456
2. Pagpili sa Dula 456
a. Klasifikasyong **Gay** 456
1. Awtor 456-458
2. Varayti ng ***Gay*** 458-459
3. Sabjek-Posisyon 459-464
4. Tensyon sa Paghahayag ng Sitwasyon 464-474
5. Representasyon ng Komunidad 474-477
3. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Istruktura 477-499

4. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural 499-504
5. Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika 504
a. Pagpapalit-Koda 505-514
b. Panghihiram 515-525
c. Pagsasakultura 526
d. Iba Pang Proseso ng mga Pagbabagong Panlinggwistika 527-528

4.4 Resulta ng Validasyon ng Pagsusuri sa Mga Dula 529-558
4.5 Ang Eklektikong Modelo sa Pagsusuri ng mga Dulang **Gay** 559-565

**Kabanata V – Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon** 566
Lagom 568
Kongklusyon 568
Sa Aspektong Istruktural 568
Sa Aspektong Sosyo-Kultural 569
Sa Aspektong Varayti ng Wika 570
Sa Eklektikong Modelo 571-577
Rekomendasyon 577
BIBLIYOGRAFI 578-587
APENDISES 588
Apendiks A – Liham sa Lupon ng Validasyon ng Instrumento ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula Kalakip ang *Curriculum Vitae* ng Bawat Miyembro 589-594
Apendiks B – Liham sa Lupon ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula Kalakip ang *Curriculum Vitae* ng Bawat Miyembro 595-604
Apendiks C - Instrumento ng Validasyon ng Pagsusuri sa mga Dula 605-617
Apendiks D – *Curriculum Vitae* ng Mananaliksik 618

## Talaan ng mga Figura

Fig. 1 Ang Piramide ng Banghay ni Freytag (1863) 13
Fig. 2 Modelo ng Pagsusuri ng Dula ni Hodge (1982) 15
Fig. 3 Pinayamang Modelo sa Pagsusuri ng Dula ni Hodge 16
Fig. 4 Konseptwal na Balangkas 23
Fig. 5 Teoritikal na Balangkas ng Pag-aaral 26
Fig. 4.5.1 Paradimo ng Eklektikong Modelo Nabuo sa Pagsusuri ng mga Dulang **Gay** 559

## Talaan ng mga Talahanayan

Talahanayan 3.1 Interpretasyon ng mga *Average Rating* ng mga Respondent Base sa Iskalang Tipong Likert (Likert-Type Scales) 123

Talahanayan 4.4.1 Distribusyon ng mga Respondent 529

Talahanayan 4.4.2 Interpretasyon na mga *Average Rating* ng mga Respondent 530

Talahanayan 4.4.3 Ang mga *Mean Rating* ng mga Respondent Ayon sa Antas ng Kanilang Pagkakasundo sa Interpretasyon sa Anim na Dula Pagsusuring Pangklasifikasyong **Gay** ng Anim na Dula Ayon sa Itinatagubiling Kraytirya

| | | |
|---|---|---|
| | ni Garcia (1996). | 531 |
| Talahanayan 4.4.4 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuring Pangklasifikasyong **Gay** ng Anim na Dula Ayon sa Itinatagubiling Kraytirya ni Garcia (1996). | 533 |
| Talahanayan 4.4.5 | Pagsusuri sa Istruktura ng Dula Sa Aspektong Kalagayan ng Tagpuan | 536 |
| Talahanayan 4.4.6 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Tagpuan. | 537 |
| Talahanayan 4.4.7 | Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng mga Tauhan | 540 |
| Talahanayan 4.4.8 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng mga Tauhan. | 541 |
| Talahanayan 4.4.9 | Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Banghay | 544 |
| Talahanayan 4.4.10 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Banghay | 545 |
| Talahanayan 4.4.11 | Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Diyalogo | 550 |
| Talahanayan 4.4.12 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Diyalogo. | 551 |
| Talahanayan 4.4.13 | Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Ideya (Tema) o Kabuuang Kahulugan | 553 |
| Talahanayan 4.4.14 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri sa Istruktura ng Dula sa Aspektong Kalagayan ng Ideya (Tema) o Kabuuang Kahulugan. | 554 |
| Talahanayan 4.4.15 | Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural | 555 |
| Talahanayan 4.4.16 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri Ayon sa Aspektong Sosyo-Kultural | 556 |
| Talahanayan 4.4.17 | Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika | 557 |
| Talahanayan 4.4.18 | Ang Kabuuan ng Lahat ng *Mean Rating* sa Pagsusuri Ayon sa Aspektong Varayti ng Wika. | 558 |